Student/Registration Number | | | | | | | | | | | Centre Number | | | | | | |

**2008** PUBLIC EXAMINATION

# Filipino

## Continuers Level

**Thursday 16 October: 2 pm Eastern Standard Time**

Reading Time: 10 minutes
Working Time: 2 hours and 50 minutes

- *You have 10 minutes to read all the papers and to familiarise yourself with the requirements of the questions. You MUST NOT write during this time.*
- *Monolingual and/or bilingual printed dictionaries may be consulted during the reading time and also during the examination.*

## Section 1: Listening and Responding (30 marks)

**Instructions to Students**

1. Allow approximately 50 minutes for Section 1.
2. Write all your answers to the questions in Section 1 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

*This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).*



© Board of Studies NSW 2008

## Part A

**20 marks**
**Attempt Questions 1–5**

---

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information and convey the information accurately and appropriately*

---

You will hear FIVE texts. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in ENGLISH.

**Marks**

You may make notes in this space.

**Text 1**

**1.** What do listeners have to do in order to win free tickets to the Pinoy Concert? **2**

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

**Text 2**

**2.** Imagine that you are Mickey. To help your grandmother, write the list of things she has to do in the order in which she has to do them. **3**

**List for Grandmother**

**1.** ______________________________

______________________________

**2.** ______________________________

______________________________

**3.** ______________________________

______________________________

Marks

You may make notes in this space.

**Text 3**

**3.** Complete the Customs Declaration form below. **3**

| **CUSTOMS DECLARATION FORM** | F/N 123456 |
|---|---|
| 1. Name: ____________________<br>Occupation: ____________________ | |
| 2. Country OR countries visited while abroad:<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>How many days/months were you away?<br>____________________ | |
| 3. Do you have any of the following?<br>(Please circle your response)<br>(a) Plants and plant products YES NO<br>(b) Food or food products and sweets YES NO<br>(c) Medicines including vitamins YES NO<br>(d) Animals or animal products YES NO | |



PLEASE TURN OVER

Marks | You may make notes in this space.

**Text 4**

**4.** (a) Where is the conversation taking place? **1**

(A) In AJ's car ☐

(B) At a milk bar ☐

(C) At Marga's house ☐

(D) Inside a movie theatre ☐

(b) Why does Marga decide to break up with AJ? Explain your response. **4**

Marks

You may make notes in this space.

**Text 5**

**5.** (a) Why is the mother having this discussion with her son? **2**

(b) How is the son's attitude towards his situation reflected in the language he uses? **5**

## Part B

**10 marks**
**Attempt Questions 6–7**

---

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information*
- *convey the information accurately and appropriately*

---

You will hear TWO texts, one relating to Question 6 and one relating to Question 7. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.


Listen carefully to each text and then answer the questions in FILIPINO.

| | Marks | You may make notes in this space. |
|---|---|---|

**Text 6**

**6.** Write the email the friends will send to Adel. **4**

*Isulat ang email na ipapadala ng magkaibigan kay Adel.*






PLEASE TURN OVER

Marks | You may make notes in this space.

**Text 7**

**7.** To what extent do you think Clarinda will succeed at her new school? Justify your response. **6**

*Sa iyong palagay, gaano magtatagumpay si Clarinda sa bago niyang paaralan? Pangatwiranan ang iyong sagot.*

**End of Section 1**

Student/Registration Number | | | | | | | | | | | Centre Number | | | | | | |

**2008 PUBLIC EXAMINATION**

# Filipino

## Continuers Level

### Section 2: Reading and Responding (30 marks)

**Instructions to Students**

1. Allow approximately 1 hour and 15 minutes for Section 2.
2. Write all your answers to the questions in Section 2 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet and on page 7.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

*This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).*



© Board of Studies NSW 2008

## Part A

**20 marks**
**Attempt Questions 8–9**

---

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and/or specific aspects of texts, by, for example, comparing, contrasting, summarising, or evaluating, and convey the information accurately and appropriately*

---

**8.** Read the texts and then answer in ENGLISH the questions that follow.

Sa Nagbabasa,

Ayon sa aking mga magulang, ang pagpapatato ay pangkaraniwan na ngunit ito ay mapanganib. Malay nila, lahat ng kaibigan ko may tato.

Ang pag-tatato ay isang kahanga-hangang uri ng sining. Inilalaad nito ang aking pagkatao kahit na hindi ako magsalita. Ang tato ay ang pinakamabuting paraan ng pagpapahayag ng sarali. Sa pananaw ng maraming galing sa ibat-ibang kalagayan sa buhay maitutulad ito sa mga guhit ni Picasso, isang tanyag na pintor na nagbibigay ng inspirasyon sa pamamagitan ng kanyang sining. Ang tato ay kaakit-akit. Kahit ang nanay ko'y may butas sa tenga. Ano ang kaibahan nito? Ang tatay ko may maliit na tato din noong siya'y naging isang marino. Ito ay nagbibigay ng sigla at saya sa buhay.

"Sariling Pananaw",
Teena

Sa Nagbabasa,

Maraming kabataan ang gustong magpahayag ng kanilang sarili sa pamamagitan ng tato. Matagal nang ginagawa ito. Nagiging mapilit sila ngunit hindi nila nauunawaan na ang pagpapatato ay may kapalit o kabayaran.

Bilang magulang, kailangang pag-usapan ninyo ng inyong anak ang mga panganib na dulot ng pagtatato. Dapat nilang malaman na kung magkaroon ng pagkakamali, maaari itong magbunga ng impeksiyon, pamamaga, sakit at iba pang pinsala. Inaabot ng ilang linggo hanggang isang taon bago lubos na gumaling. Kung minsan ang pangingibang kulay ng balat ay panghabang buhay. Dapat, ninyong matutuhan ang mga bagay-bagay tungkol sa pagtatato. Makakatulong ito sa inyong pagkaka-unawaan at relasyon. Ang karamihan sa mga kabataan ay gumagaya lamang sa kanilang mga kaibigan at wala silang malay kung paano ito makakasama sa kanilang kalusugan.

Galing kay:
Dr Margan

**Question 8 continues on page 3**

Marks

Question 8 (continued)

(a) What are Teena's reasons for being tattooed? **3**

(b) What advice would Dr Margan give to Teena's parents? **5**

**End of Question 8**

**9.** Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

**Isinulat ni Maria Clara**
(Unang Yugto, Ikalawang Tagpo)

– *Isang napakalinis na bahay. Mayroong natatanaw na swimming pool. May kulog at hangin na naririnig. May bintanang kumakalampag. Ang Tatay at ang kanyang dalawang anak ay nag-uusap.*

TATAY: Mukhang uulan. Carlo, lumabas ka at takpan mo ang pool. Maria, isarado mo nga ang bintana. Carlo, narinig mo ba ako?

MARIA: Tay, pwede ka ba naming makausap?

TATAY: Carlo, anong gusto mong pag-usapan natin? Maria, isarado mo ang bintana.

CARLO: Kagaya ng sabi ni Maria.

TATAY: Narinig ko ang sinabi niya, ngunit gusto kong marinig ito galing sa iyo.

CARLO: Ikaw na nga ang magsabi. Ideya mo 'yan.

MARIA: Di ba't ikaw ang malakas ang loob?

TATAY: Ano ba ang pinagbubulungan ninyo diyan? Pwede ba, isara ninyo ang bintana? Masyadong maingay.

CARLO: Gusto na po naming magsarili. (kay Mario) Yan, nasabi ko na. Masaya ka na?

MARIA: Magaling!

TATAY: Ano ba ito? Ano ba ang ginagawa ninyong hindi ko nalalaman? Carlo, anong klaseng anak ka? Lalaki ka pa naman.

MARIA: Tay, hindi naman po sa ganoon. Nakatanggap ng sulat si Carlo kahapon galing sa Sports Institute sa Canberra. Natanggap po siya. Ang kailangan lang niya ay makahanap ng tirahan para sa unang taon, pagkatapos noon magkakaroon na siya ng silid sa dormitorio.

TATAY: Anong gagawin mo sa Sports Institute? Maaari ka bang mag-aral ng 'Sports Medicine' doon?

MARIA: Carlo, sabihin mo.

CARLO: Tay, 'Scholarship' po sa paglalangoy. Sa kanilang palagay, maaaring makasali ako sa 'Commonwealth Games'.

Kailangan kong makahanap ng murang tirahan o dili kaya ay umupa ng tirahan na may kasama. Ang naisip namin, si Maria at ako ay…

TATAY: Ang anak kong lalaki ay hindi magiging manlalangoy. Umalis ka rito kung gusto mo pero maghanap ka ng disenteng trabaho. Ang anak kong babae ay hindi aalis sa bahay hangga't walang asawa.

MARIA: Tay, masyado ka namang makaluma. Nandito na tayo, naninirahan sa Australya ngayon.

TATAY: Subalit Pilipino pa rin ang ating pag-iisip.

CARLO: Tay…

TATAY: Tama na!

CARLO: Gusto po ni Mariang mag-aral. Mas matalino po siya sa akin. Kaya po niyang maging doktor.

TATAY: Imposible.

CARLO: Napakagaling ng pag-aaral ng medisina sa Canberra.

TATAY: Sinabi ko nang hindi!

CARLO: Tay, nasa Australya na po tayo. Ang mga kababaihan na may 18 taong gulang dito ay naninirahan na ng hiwalay sa magulang.

TATAY: (sa malakas na boses) Kung alam ko lang ang patutunguhan nito, hindi na sana ako nagpagawa ng pool. Pwede bang isirado ang bintanang iyon?

**Question 9 continues on page 5**

Marks

Question 9 (continued)

(a) Describe the setting of this scene. **3**

(b) How does Carlo change in the course of the scene? **4**

(c) How is the issue of traditional Filipino values explored in this scene? **5**

**End of Question 9**

## Part B

**10 marks**
**Attempt Question 10**

---

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and specific aspects of a text by identifying, analysing, and responding to information*
- *convey information coherently (structure, sequence, accuracy and variety of vocabulary and sentence structure) and appropriately (relevance, use of conventions of the text type)*

---

**10.** Read the text and then answer in 150–200 words in FILIPINO the question that follows.

**Ang Araw ng Australya ay para sa Lahat**

Ika – 26 ng Enero – Araw ng Australya. Ipinagdiriwang ng lahat ng tao sa buong bansa. Walang pasok sa mga tanggapan at paaralan. Araw ng pamamasyal, piknik, barbecue at inuman. Ngunit alam kaya ng lahat kung ano ang dahilan at kahalagahan ng pagdiriwang sa araw na ito?

Ika – 26 ng Enero – Araw ng pagdaong ni Kapitan Arthur Phillip at ng kaniyang samahan sa Port Jackson sa lunsod ng Sydney noong ika-labingwalong siglo. Araw ng pagtuklas ng isang lupang paraiso – malinis, maganda, mapayapa at may pangako ng marangyang kinabukasan.

Ika – 26 ng Enero – Araw ng Australya. Araw ng isang bansang multi-kultural. Ipinagdiriwang ng lahat ng Australyanong galing sa iba't-ibang lahi, na may iba't-ibang kulay, tradisyon at kultura, ngunit nagkaka-isang mamuhay ng matiwasay at malaya.

**Mga Pagdiriwang sa Araw ng Australya**

| | |
|---|---|
| Umaga | Seremonya ng Pagtatalaga ng mga Bagong Australyano; Parada ng mga Makalumang Sasakyan; Parada ng mga Bangka |
| Tanghali | Piknik; Karnabal; Pagpapalipad ng Saranggola |
| Gabi | Mga Pagtatanghal; Paputok |

*Para sa mga pagdiriwang sa inyong pook, makipagtalastasan sa inyong pamahalaang lokal*

You have been asked to address your school assembly to encourage students to take part in the activities advertised in the text. In 150–200 words, write the script of your speech, using information from the text to support your arguments.

Naatasan kang magtalumpati sa isang pagtitipon sa inyong paaralan upang himukin ang mga mag-aaral na makilahok sa mga gawaing nasa-saad sa akda. Sa 150–200 na salita, isulat ang nilalaman ng iyong talumpati. Gumamit ng mga impormasyon mula sa akda sa iyong pangangatwiran at pagpapaliwanag.

---

You may make notes in this space.

*Do not remove this page from the question booklet.*

| Student/Registration Number | | | | | | | | | | | | | Filipino Continuers Level |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

| Centre Number | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|

Question 10

**End of Section 2**

Student/Registration Number | | | | | | | | | | | Centre Number | | | | | |

# 2008 Public Examination

# Filipino

## Continuers Level

## Section 3: Writing in Filipino (15 marks)

**Instructions to Students**

1. Allow approximately 45 minutes for Section 3.
2. Write your answer to a question from Section 3 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ONE question in FILIPINO.
4. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
5. All question booklets will be collected at the end of the examination.

*This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).*



© Board of Studies NSW 2008

**Total marks – 15**
**Attempt ONE question from Questions 11–12**

---

*When judging performance in this section, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates:*

- *relevance and depth of treatment of ideas, information, or opinions*
- *accuracy and range of vocabulary and sentence structures*
- *the capacity to structure and sequence response and capacity to use conventions of the text type*

---

Answer ONE question from this section in 200–250 words in FILIPINO.

**11.** While you were overseas, you met a boy/girl. Write a blog message that you will post on the internet trying to convince him/her to re-establish contact with you.

*Habang ikaw ay nasa ibang bansa, may nakilala kang isang lalaki/babae. Sumulat ng mensahe na ilalagay sa 'blog' sa internet upang hikayatin siyang makipagkaibigan sa iyo.*

**12.** An article has appeared in your local Filipino newspaper presenting a negative view of young people. Write a letter to the editor in response to this article giving your point of view.

*May isang akda sa isang Pilipinong pahayagan na nagpapahayag ng mga negatibong opinyon tungkol sa kabataan. Sumulat ng liham sa patnugot bilang sagot sa akdang ito upang ipahayag ang sarili mong kuru-kuro.*

---

You may make notes in this space.

Question Number:

**End of Section 3**

BLANK PAGE

BLANK PAGE

BLANK PAGE

**2008** PUBLIC EXAMINATION

# Filipino

## Continuers Level

### Section 1: Listening and Responding

# Transcript

© Board of Studies NSW 2008

## Section 1, Part A

**Text 1**
**Announcement**

Mga Kababayan!

Tuloy na tuloy na ang “Pinoy Concert” at kung kayo ay isa sa mga unang makakahula kung sino ang panauhing mang-aawit, mananalo kayo ng libreng tiket.

Kailangang ipadala ang sagot sa www@pinoy concert.com.

Tandaan, markahang “pinoy” ang inyong sagot.

Sa lahat ng sasali, sana kayo’y swertehin.

**Text 2**
**Conversation**

MICKEY: Nag almusal na po ba kayo lola?

LOLA: Hindi pa Mikey.

MICKEY: Kanina pa ba kayo gising? Ang sabi ng doktor mag-almusal kayo kalahating oras pagkagising.

LOLA: Sige.

MICKEY: Nang kayo’y nagising naalaala ba ninyong uminom ng tubig?

LOLA: Hindi yata.

MICKEY: Natatandaan niyo ba kung anong mga gamot ang kailangan niyong inumin?

LOLA: Oo. Ha? Medisina at bitamina? Di ba?

MICKEY: Alam niyo ba kung kailan ninyo iinumin ang mga ito?

LOLA: Ang alam ko, kailangan kong uminom ng bitamina sa almusal.

MICKEY: Hindi! … Lola – yung gamot niyo para sa puso ang sa almusal. Yung bitamina ay iinumin ninyo pagkahapunan. Hayaan niyo Lola, at ililista ko ang mga kailangan niyong gawin.

**Text 3**
**News Report**

*Scenario: Radio news report with a warning from the customs officers regarding the need to declare specific types of goods when entering Australia.*

CUSTOMS INSPECTOR: Magandang umaga. Maaari po bang makita ang inyong passport?

MRS CASTRO: Aba, syempre. Dala ko, eto.

CUSTOMS INSPECTOR: Australyano po kayo Mrs Cecilia Castro at galing kayo sa Pilipinas, Hong Kong at Singapore. Gaano katagal kayong naglakbay?

MRS CASTRO: Dalawamput-isang araw lamang. Kinakailangan na naming bumalik dito sa Australya kasi namamasukan ako sa ospital bilang isang nars.

CUSTOMS INSPECTOR: Anu-anong mga lugar ang inyong pinuntahan?

MRS CASTRO: Nagpunta kami sa mga ibat-ibang probinsiya. Marami kaming tanawin na nakita at, natural, namili kami ng mga pasalubong para sa aking mga kamag-anak at kaibigan.

CUSTOMS INSPECTOR: Kagaya ng…

MRS CASTRO: Mga damit at minatamis na kakanin. Minalas lang ako dahil ako'y nagkasakit. Nadala ako sa doktor at hanggang ngayon eh kinakailangan pa akong uminom ng gamot.

CUSTOMS INSPECTOR: Maaari po bang makita ang inyong "Customs Declaration"? Kailangan po ito dahil mahigpit ang batas dito sa Australya tungkol sa mga pumapasok na bagay-bagay na dala ng mga bumabalik na Australyano na katulad ninyo at kasama na rin ang mga pumapasok na turista. Kung hindi sigurado, mas mabuti na makipag-usap sa isang inspektor.

MRS CASTRO: Eh, teka muna. Nakaligtaan kong gawin yan.

CUSTOMS INSPECTOR: Huwag kayong mag-alala. O, eto ang mga tanong na kailangang sagutin bago kayo makalabas ng "Customs". Pagkatapos ninyong sagutin ito, bumalik na lang kayo sa akin.

Mrs Castro: Ay, maraming salamat.

**Text 4**
**Conversation**

AJ: "Hi" Marga! Ang ganda-ganda mo naman.

MARGA: Tumigil ka nga! Saan ka na naman galing? Ang baho-baho dito! Nangangamoy panis na hamburger. Pustahan tayo, nanggaling na naman kayong magbabarkada sa "milkbar".

AJ : Hindi Ah! Dali na't mahuhuli tayo sa sine.

MARGA: Eh, kung hindi ka dumaan sa "milkbar", hindi sana tayo nagmamadali. Palagi nalang ganito.

AJ: Bawal bang makisama sa aking mga kaibigan? Huwag na tayong mag-away, Kis naman diyan o… ay! ba't mo ako tinulak?

MARGA: At ba't mo iisiping hahalikan kita. Tingnan mo nga ang iyong sarili. Paano kung may makakita sa atin.

AJ: Eh ano! Huwag mo silang intindihin. Sige na, ngiti naman diyan… lalo kang gumaganda 'pag nagsusungit ka.

MARGA: O! Ngayon, ako pang may kasalanan.

AJ: Lagi mo na lang gustong makipag-away.

MARGA: Hindi ako makapaniwalang sinabi mo 'yan. Masama bang gustuhin ang isang taong tapat at responsable at inaalagaan ang kaniyang sarili?

Sobra na! Magpreno ka! Gusto ko nang umuwi. Ayaw na kitang makita kahit kailan.

**Text 5**

NANAY: Napansin ko na bumaba ang mga marka mo sa iyong mga aralin mula nang nagkaroon ka ng trabaho. Nag-aalala na ako, anak. Nangako ka noon na hindi mo pababayaan ang iyong pag-aaral.

ANAK: Sorry po, Inay. Para kasing may bato-balaning humihila sa akin sa panaderyang pinagtatrabahuhan ko. Ang saya-saya namin. Iba't-lbang klase ng tao pero sama-samang nagtatrabaho. Tulong-tulong. Nakaka-enganyong magsipag. Para kaming mga bubuyog na maligayang bumubuo ng pulut-pukyutan! Kumikita ako ng sariling pera nang walang kapagud-pagod.

NANAY: Ang kaso, wala ka nang oras para sa pag-aaral mo.

ANAK: Eh, kasi naman nakaka-antok sa klase. At ang hirap-hirap ng mga takdang-aralin. Ang sarap matulog pagkatapos magtrabaho.

NANAY: Gusto mo na bang maging panadero habang buhay?

ANAK: Hindi naman po, alam kong gusto ninyo akong makapasok sa unibersidad. Naguguluhan ako. Para akong hinihila sa iba't-ibang direksyon. Masaya nga ako sa trabaho ko ngayon pero gusto ko ring maging guro sa hinaharap. Pati mga kabarkada ko nagtatampo na. Wala na raw akong panahon para sa kanila. Ang dami kong perang kinita para ipambili ng regalo ni Karmela. Pagkatapos hindi man lang ako nakadalo sa "birthday" niya. Hirap na hirap akong magbalanse ng aking oras.

NANAY: Alam mo, hindi lahat nabibili ng pera. Kailangan mong magnilay-nilay at timbangin kung alin ang mas mahalaga sa buhay mo. At gawin mo itong batayan ng iyong pagpapasya.

## Section 1, Part B

### Text 6

NONIE: Sana nandito si Adel, ano?

LISA: Sayang, ngayon pa nagkasakit ang Nanay niya. Hindi tuloy siya nakasama sa atin.

NONIE: Ang ganda-ganda pa naman ng lugar na ito. Kagila-gilalas ang mga tanawin. May sari-saring halaman at matatarik na bundok, malawak na dagat na may pinung-pino at puting buhangin sa dalampasigan.

LISA: Ang dami na kaagad nating nakita at naranasan kahit maghapon pa lamang tayo dito. Sa paliparan pa lang, sinalubong na tayo nang mga katutubong sayaw at musika.

NONIE: Kung nandito si Adel, tiyak kong magugustuhan niya yung Museo ng Sining at Kagalingan na pinuntahan natin kanina. Walang katulad yung mga katutubong iskultura. Mahilig si Adel sa Sining di ba?

LISA: Hay, nako! Padalhan na lang natin siya agad ng e-mail.

**Text 7**
**Interview/Conversation**

GURO: Mukhang masaya ka Clarinda.

CLARINDA: Opo Ginoong San Diego. Sa palagay ko'y napakaswerte Kong tao. Natanggap ako sa Kolehiyo ng "Fine Arts". Matagal ko nang pinapangarap na makapasok sa paaralang yon.

GURO: Alam mo bang mataas ang inaasahan ng mga guro sa mga estudyante? Nakikita sa iyong mga marka na nahihirapan ka sa iyong pag-aaral.

CLARINDA: Dito rin nag-aral ang aking ina at siya'y napakagaling na mananayaw. Mahihirapan akong abutin ang kanyang galing ngunit masigasig naman akong mag-aral. Mahilig ako sa musika at mula pa sa aking pagkabata'y naranasan ko na kung paano nakapagbibigay saya ang musika. Gusto ko ring paligayahin ang iba sa pamamagitan nito.

GURO: Batid mo bang makikipagkompetensya ka sa maraming mahuhusay na estudyante sa kolehyong ito?

CLARINDA: Nabalitaan ko po yon, ngunit sa tingin ko po, ito'y isa lamang sa maraming hamon para lalo akong magsikap.

GURO: Alam kong hindi ka taga-rito. Napag-isipan mo ba kung gaano kalayo ang iyong magiging biyahe araw-araw?

CLARINDA: Hindi po, ngunit alam ko na kahit ngayon lang ako mapapalayo sa aking pamilya at kailangang tumira ako sa dormitoryo, ito'y bahagi lang ng aking pagsasakripisyo para sa aking kurso.

GURO: Mayroon ka bang mga kaibigan sa eskwelahan?

CLARINDA: Wala po. Hindi ako pala-kaibigan pero sa tingin ko, hindi ito magiging sagabal kung kaming lahat ay pare-pareho ng hilig. Maaaring hindi ko po kayo nakumbinsi ngunit maraming naniniwala sa 'kin at nagsasabi – "Clarinda, kaya mo ito".

GURO: Sana magtagumpay ka.